□改編
☑自編

111 年新北市各級學校東南亞語文競賽
團體朗讀文稿＿菲律賓＿語 ＿國高中＿組 B-1

# Masayang Kapaskuhan

Malapit na ang Pasko. May makikitang mga parol at makukulay na palamuti sa mga bahay at kalsada. May maririnig ding mga kantang Pamasko sa mga pampublikong lugar.

Pedro: Ang saya-saya ko! Malapit na ang Pasko. Naghanda ka na ba ng regalo? Magpapalitan tayo ng Pamaskong regalo.

Susan: May napili na akong isang magandang regalo. Tiyak na magugustuhan ninyo.

Pedro: Totoo? Huwag mong kalimutan, ilagay mo sa ilalim ng Christmas tree.

Susan: Ano ang gusto mong matanggap na regalo?

Pedro: Um, gusto kong makatanggap ng nauusong damit na puwede kong isuot sa paaralan. Saan ka pupunta sa Araw ng Pasko?

Susan: Magsisimba ako sa bayan. Magsusuot ako ng bagong damit at sapatos.

Pedro: Oo, magsisimba rin kaming lahat. Magdadasal at magpapasalamat kami sa Panginoon sa lahat ng biyaya.

Susan: Pagkatapos ng misa, may handang madaming pagkain si Nanay.

Pedro: Oo nga! Tuwing Pasko, naghahanda si Nanay ng litson, queso de bola, puto, hamon at mainit na tsokolate.

Susan: May handang masarap na palabok din sa aming bahay!

Pedro: Magkasama ang buong pamilya tuwing Bisperas ng Pasko, pinakamasaya ang magkasamang kumakain ng Noche Buena.

Susan: Tuwing Araw ng Pasko, bumibisita ako sa aking Ninong at Ninang.

Pedro: Laging may nakahandang regalo si Ninang para sa akin. May handa rin akong regalo para kay Ninong at Ninang.

Susan: Magka-karoling ako sa kanilang dalawa.

Pedro: Wow! Ang saya naman! Maligayang Pasko sa iyo at sa iyong buong pamilya!

Susan: Maligayang Pasko rin sa iyo at sa iyong buong pamilya!